Pagpaparehistro sa Pinipiling Serbisyo (Selective Service Registration): Mga Sagot sa Karaniwang Mga Tanong

[T] Sino ang dapat magparehistro?
[S] Ang batas pederal ay nag-aatas na halos *lahat* ng mga lalaki na naninirahan sa Estados Unidos sa pagitan ng edad 18 at 26 ay magparehistro sa Sistema sa Pinipiling Serbisyo. Ito ay kinabibilangan ng mga indibidwal na di-mamamayan at mga may dalawang pagkamamamayan, anuman ang kanilang estado sa pandarayuhan. Ang mga di-mamamayan na may estudyante o bisitang lakbay-pahintulot, o kabahagi ng misyong diplomatiko o kalakalan, ay hindi saklaw sa pagpaparehistro.

[T] Kailan dapat magparehistro ang mga lalaki?
[S] Ang sinumang naninirahan sa Estados Unidos nang higit sa 30 araw habang nasa pagitan ng edad 18 at 26 ay inaatasang magparehistro. Kung ang isang lalaki ay maging 18 taong gulang habang nasa Estados Unidos, siya ay inaatasang magparehistro sa loob ng 30 araw mula sa kanyang kaarawan. Ang huling pagpaparehistro ay tinatanggap hanggang tumungtong sa ika-26 na kaarawan ang isang lalaki.

[T] Ang pagiging karapat-dapat sa pagkamamamayan ay konektado bas a pagpaparehistro sa Pinipiling Serbisyo?
[S] Ang mga imigranteng lalaki na nagnanais na maging mga mamamayan ay dapat na maging rehistrado sa Sistema sa Pinipiling Serbisyo kung sila ay naninirahan sa Estados Unidos nang mahigit 30 araw sa pagitan ng edad 18 at 26. Matapos tumuntong ang isang lalaki sa edad 31, ang pagpaparehistro sa Pinipiling Serbisyo ay hindi na kailangan para sa pagkamamamayan. Gayunman, may ilang mahahalagang oportunidad na kaugnay sa pagpaparehistro.

[T] Anu-ano ang ibang oportunidad ang kaugnay sa pagpaparehistro?
[S] Ang mga lalaki na inaatasang magparehistro nguni't hindi nagparehistro ay HINDI karapat-dapat para sa ilang mga oportunidad. Ito ay kinabibilangan ng:

- ✓ Mga utang pederal ng estudyante;
- ✓ Pagiging bahagi sa mga programa sa pagsasanay para sa empleyo na tinustusang ng pamahalaang pederal;
- ✓ Mga trabaho sa pamahalaang Pederal, mga ahensiya ng pamahalaang estado at lokal, at ilang mga pribadong taga-empleyo; at
- ✓ Pagkuha o pagpanibago ng mga lisensiya ng drayber sa karamihan sa mga estado.

Ang mga lalaking nakaligtaang magparehistro pagdating ng kanilang ika-26 na kaarawan ay maaaring **habambuhay na pigilang** makatanggap nitong mga oportunidad. Ipinapahayag din ng batas na ang mga lalaking hindi magparehistro ay maaaring pagmultahin ng hanggang $250,000, gayundin ang termino sa pagkakulong ng hanggang limang taon.

[T] Paano makakapagparehistro ang mga lalaki?
[S] Ang mga lalaking mayroong numero ng Seguridad Panlipunan ay maaaring magparehistro online sa www.sss.gov. Ang mga lalaking walang Numero ng Seguridad Panlipunan, o walang magamit na kompyuter, ay maaaring magparehistro sa pamamagitan ng pagpuno ng pormularyo sa pagpaparehistro sa alinmang tanggapan ng koreo sa Estados Unidos.

[T] Ang Sistema sa Pinipiling Serbisyo ay bahagi ng militar?
[S] Hindi. Ang Sistema sa Pinipiling Serbisyo isang ahensiyang sibilyan. Ang mga lalaking magpaparehistro ay **hindi** nagpapatala upang maging miyembro ng militar.

[T] Saan ako makakakuha ng karagdagang impormasyon?
[S] Ang karagdagang impormasyon tungkol sa Pagpaparehistro sa Pinipiling Serbisyo ay matatagpuan sa www.sss.gov.